


○Ano ang “KOKUMIN KENKO HOKEN” o National Health Insurance (NHI) system?

1. Sistema ng KOKUMIN KENKO HOKEN / National Health Insurance (NHI)

Ito ay ipinapatupad ng ating lokal na pamahalaan at National Health Insurance Organization upang magtulungan ang lahat ng taong kasapi sa systemang ito sa pamamagitan ng pagbabayad ng insurance premium. Nakakatulong ito sa pagseguro ng medical care sa lokal na komunidad at sa pagtataguyod ng kalusugan ng mga residente.

Pangunahing bahagi din ito sa systema ng NHI bilang paghanda sa pagpapagamot sa anumang karamdaman, at isa sa mga pambansang segurong pangkalusugan kinakailangang sumali ang lahat ng mamamayan.



2. Mga taong kinakailangang sumali sa NHI

- Self-employed
- Magsasaka o Mangingisda
- Huminto sa health insurance ng kumpanyang pinagtrabahuan sa kadahilang tulad ng pag-teresign
- Hindi kasali sa health insurance ng pinagtrabahuan dahil ang kontrata ay part-time job o ARUBAITO
- Mga dayuhang nakarehistrong tumira at may visa status na mahigit sa 3 buwan ang haba ng panahon ng permisong mamamalagi, maliban sa sumusunod:
 - Mga mayroong mga visa status na “designated activity” tulad ng makatanggap ng gawaing pagpapagamot
 - Mga 18 years old pataas na may visa status para sa panahon na hindi hihigit sa isang taon sa layuning tulad ng pagiging turista at pamamahinga. Kasama dito ang kanilang asawang sumasama sa kanila
- ※ Lahat ng tao ay kinakailangang sumali sa NHI maliban sa mga kasapi sa segurong pangkalusugan ng pinagtrabahuan o tumatanggap ng suporta galing sa gobyerno sa pamamagitan ng Welfare System.
- ※ May posibilidad na maaring sumapi sa NHI kahit hindi aabot sa 3 buwan ang haba ng panahon ng permisong mamamalagi.

3. Mga kasali at pangulo ng sambahayan

Bawat miyembro ng pamilya ang magiging kasali sa NHI. Ngunit ang pagsusumite ng pagsapi at pagbabayad ng insurance premium/tax ay isasagawa ng pangulo ng sambahayan para sa ibang miyembro ng pamilya.

4. Pagsusumite ng pagsali at paghinto

Kapag sasapi o hihinto sa insurance, kailangan magsumite ng aplikasyon sa Dibisyon ng NHI sa munisipyo ng tinitirahang distrito sa loob ng 14 na araw ng mga sumusunod na senaryo na nabanggit sa 5.

5. Mga panahon ng pagsali at paghinto, at mga kailangang isumite

	Panahon o Araw	Kinakailangang dalhin at isumite
Pagsapi:	Araw kung kailan nawala ang membership ng health insurance sa pinagtrabahuan (Susunod na araw pagkatapos mag-resign sa trabaho)	Certificate o katumayan ng paghinto sa health insurance ng pinagtrabahuan
	Araw kung kailan lumipat galing sa ibang syudad o munisipyo	“TENSUITSU SHOMEISYO”, certificate o katumayan ng pag-alis sa dating tinirahang syudad o munisipyo
	Araw kung kailan huminto sa pagtanggap ng suporta galing sa gobyerno sa ilalim ng Welfare System	“HOGO HAISHI KETTEI TSUCHISHO” /Notification of End of Public Assistance
	Araw kung kailan ipinanganak ang anak	“HOKENSHO/BOSHI KENKO TECHO” / Insurance Card/Maternal and Child Health Handbook
Paghinto	Kasunod na araw pagkatapos sumali sa ibang health insurance tulad ng insurance sa pinagtrabahuan	Insurance Card ng NHI at health insurance ng pinagtrabahuan
	Kasunod na araw pagkatapos umalis at lumipat sa ibang syudad o munisipyo (Kung sa isang araw naganap ang move-out at move-in,	Insurance Card
	Araw kung kailan magsimulang tumanggap ng suporta galing sa gobyerno sa ilalim ng Welfare System	Insurance Card at “HOGO KAISHI KETTEI TSUCHISHO” /Notification of Start of Public Assistance
	Kasunod na araw pagkatapos pumanaw	Insurance Card at katumayan ng pagkamatay

※ Ang mga dayuhan ay kailangang magdala ng Residence Card tuwing magsumite ng aplikasyon para sa pagsali at paghinto.

※ Kapag naantala ang pagsasagawa ng pamaraan sa pagsapi, kailangang bayaran ang 100% ng halaga ng pagpapagamot at kailangan din bayaran ang mga panahong hindi nakapagbayad.

※ Kapag naantala ang pagsasagawa ng proseso sa paghinto at ginamit ang Insurance Card para sa pagpapagamot, kailangang isauli sa madaling panahon ang halagang binayaran ng National Health Insurance Organization.

6. Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon

May posibilidad na hindi ka maintidihan at maseserbisohan sa munisipyo. Hanggat maari ay magpasama sa taong nakakaintindi ng wikang Hapon kapag pupunta sa munisipyo para sa konsultasyon at aplikasyon.